# AMPALAYA



Ang bitter gourd (*Momordica charantia Linn.*) o ampalaya ay kilala rin sa iba't ibang pangalan na bitter melon (English), ampalia (Tagalog), apalaya (Tagalog), margoso (Tagalog). Ito ay kabilang sa pamilya na *Cucurbitaceae* na pangunahing itinatanim na gulay sa Pilipinas dahil sa kanyang bunga at bulaklak Karaniwan itong may mapait na lasa.

## ANGKOP NA LUPA AT KLIMA

Mainam na gumamit ng lupa na may uri at tekstura na mabuhangin o kaya ay luwad na mayroong maayos na daluyan ng tubig. Kailangan din na mataas na organikong materyal at may *neutral* pH na 6 hanggang 6.7.

Ito ay maaaring itanim sa anumang buwan ng taon ngunit naka-kukuha nang mataas na produksyon sa buwan na Oktubre hanggang Pebrero. Ito ay sa kadahilang madami ang nabubuong bulaklak ng ampalaya dahil sa malamig na panahon.

## PAGPILI NG BINHI

Sa pagpili ng barayti, ilan sa mga dapat isaalang-alang ang lokal na kondisyon tulad ng klima; may kakayahan na labanan ang mga pangunahing sakit at peste; at *demand* sa merkado.

Mayroong dalawang uri ng buto ng ampalaya sa merkado. Ito ay ang *open pollinated varieties* (OPV) at ang *hybrid varieties*. Ang *open pollinated varieties* (OPV) ay makukuha sa mga pinakamalapit na Research Outreach Stations (ROS) at ang buto naman na hybrid at mabibili sa mga tindahan na agricultural supply.

## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Ihanda ang lupa upang makamit ang pinakamataas na ani.

Kinakailangan madurog nang husto ang lupa hanggang maging buhaghag ito. Araruhin at suyurin ang lupa ng dalawang beses na may pitong (7) araw na pagitan.

## BALAG (TRELLIS)

Ang mga balag ay nagbibigay suporta sa halaman na gumagapang. Ito ay nagbibigay ng magandang kalidad sa bunga nito at napapadali nito ang operasyon sa pamamahalang kultural sa halaman.

Itayo ang balag pagkatapos ng pangalawang pagsuyod sa lupa. Lagyan ito ng distansya na 2.5 hanggang 3.0 metro na lawak at 1.5 hanggang 2 metro na taas. Tandaan na ang haba ng baging ay depende sa laki ng taniman. Gumamit ng kawayan o kahoy na poste sa bawat distansya na 3 metro. Gumait ng alinmang matibay na panaali tulad ng nylon wire. Maaari ding gumamit ng lumang fish nets o fish cage nets sa pagpapatubo sa amplaya.

## PAGTATANIM

- **Direktang pagtatanim (Direct Planting)**

Maglagay ng isang buto sa bawat burol (hill) sa tabi ng tudling na may distansya na 30 hanggang 50 cm bawat burol. Maghulip kung mayroong sakit, patay na punla, o bakanteng burol pagkalipas ng 15 na araw pagkasibol.

- **Lipat Tanim**
  - Gumamit ng seedling tray o potlets sa pagtatanim ng punla.
  - Maghanda ng lupa na may halo 1:1:1 na garden soil, Carbonized Rice Hull (CRH) at compost.
  - Ilagay ang potting medium sa seedling tray.
  - Maglagay ng isang buto sa potlet o butas ng seedling tray.
  - Diligan ito araw-araw kapag may mga punlang sumibol.
  - Ihanda sa paglipat ang mga punla sa pamamagitan ng dahan-dahan pagpapaaraw at pagbabawas ng tubig.
  - Ilipat tanim ang mga ito pagkalipas ng 15 araw pagkatanim o kung may mga dahon na ito. Paalala: Huwag ipagpaliban ang paglilipat-tanim dahil maaaring magresulta ito ng mahinang paglago at mataas na pagkamatay.
  - Itanim sa hapon para sa mataas na porsyento ng pagkabawi ng mga punla sa paglilipat-tanim.
  - Diligan ang mga punla ng pangunang solusyon na urea (46-0-0) sa anim na litro na tubig. Diligan ito ng tubig pagkatapos upang maiwasan ang pagsunog ng halaman.

## PAGLALAGAY NG PATABA

Maglagay ng 10 hanggang 20 tonelada na organikong pataba, dumi ng hayop o kompost kada ektaryang lupa bilang dagdag sustansya sa lupa. Sa pagtatanim, maglagay ng 20 gramo o 2 kutsara ng complete fertilizer (14-14-14) sa bawat burol. Maglagay ng 10 gramo ng Urea sa gilid (sidedress) o 1 kutsara kada burol bago tabunan muli ng lupa ang ilalim ng halaman (hilling up). Ulitin ito ng 2 o 3 beses o higit pa tuwing 2 linggo. Takpan ang pataba ng mga 6 na sentimetrong lupa.

## *PRUNING* AT PAMAMAHALA SA DAMO

Ang *pruning* o pagputol ng ilang parte ng halaman tulad ng tuyong dahon o sanga ay ginagamit rin sa ampalaya. Tanggalin ang lahat ng *lateral vines* at tuyong dahon nito mula sa ibabang parte hanggang sa taas na 1 metro upang ang mga nutrisyon ay magkatipon sa paglago ng sanga at pagpapabunga. Magtira lamang ng isa o dalawa na *lateral vines*.

Linangin ang lupa palayo sa halaman (off-barring) pagkalipas ng 7 hanggang 10 araw pagkatanim upang maiwasan ang pagtubo ng damo.

## PAMAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Ang *fruitfly* ay isa sa pangunahing peste ng amplaya at ang bacterial wilt naman ang pangunahing sakit nito. Upang maiwasan ang mga ito, kinakailangan gumamit ng kultural na pamamahala at panatiliin ang kalinisan ng sakahan.

## PAG-AANI

Maaring mag-ani ng ampalaya paglipas ng 18 hanggang 20 na araw mula pamumulaklak o kung ang bunga ay nasa sapat na sukat at mura pa ang mga buto nito. Uriin ang mga bunga base sa klase nito at ilagay sa kahon o polyethylene bags para ikalakal.



Masaganang ANI Mataas na KITA

DEPARTMENT OF AGRICULTURE 1898

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER

**0920 946 2474**